LA Sanitation & Environment
CITY OF LOS ANGELES
zero waste • zero wasted water

P.O. Box 151539
Los Angeles, CA 90015

Ang abisong ito ay makukuha sa maraming wika sa www.lacitysan.org/rates

Este aviso está disponible en varios idiomas en www.lacitysan.org/rates


PRESORTED
FIRST CLASS
U.S. POSTAGE
**PAID**
LOS ANGELES, CA
PERMIT NO. 3389

# ABISO NG PAMPUBLIKONG PAGDINIG

## MGA IMINUMUNGKAHING MGA SINGIL SA SERBISYONG ALKANTARILYA PARA SA MGA CUSTOMER NG LASAN

**Agosto 27, 2024**
**10:00 a.m.**

Los Angeles City Hall
John Ferraro Council Chamber,
Room 340
200 North Spring Street,
Los Angeles, 90012



*Los Angeles-Glendale Water Reclamation Plant*

# IMINUMUNGKAHING MGA BAGONG ANTAS NG SINGIL SA SERBISYONG ALKATARILYA



North Outfall Sewer Rehabilitation, 101 Freeway to Cardinal Street



Cochran-Adams Sewer Replacement Project

## PROGRAMANG MALINIS NA PATUBIG NG LA

Iminumungkahi ng Lungsod ng Los Angeles na ipagpatuloy ang pagtaas ng singil ng Sewer Service Charge na nahinto noong 2020 dahil sa pandemya ng COVID-19. Ang iminungkahing pagtaas ay kinakailangan upang maprotektahan ang kalusugan ng publiko ng taga-Angeleno at ng kapaligiran. Natatanggap mo ang abisong ito upang ipaalam sa iyo ang mga iminungkahing rate, naka-schedule na mga pang-impormasyong webinar , at isang pampublikong pagdinig kung saan isasaalang-alang ng Konseho ng Lungsod ng LA ang pagpapatibay ng mga bagong singil.

Ang Sewer Service Charge na binabayaran mo sa iyong Los Angeles Department of Water and Power utility bill ay ang pinagmumulan ng pagpopondo para sa wastewater system ng LA. Ang singil ay batay sa porsyento ng dami ng nasukat na tubig na iyong ginagamit. Nagbibigay din ito ng mga kita para sa pagpapatakbo at pagpapanatili ng 6,700 milya ng mga alkantarilya ng LA at apat na water reclamation plant na isinasaayos ang dumi sa alkantarilya na itinatapon sa wastewater system. Nagbibigay din ito para sa bagong pagtatayo ng alkantarilya, pagkukumpuni, at iba pang mga pagpapahusay sa imprastraktura ng wastewater.

Alam natin na marami pa ring kabahayan ang nangangailangan. Mayroong tulong pinansyal para sa mga taga-Los Angeles. Kasalukuyang nag-aalok ang Lungsod ng may diskwentong singil sa Sewer Service Charge sa pamamagitan ng EZ-SAVE Program ng LA. Ang tulong na ito ay magpapatuloy para sa mga karapat-dapat na sambahayan. Tingnan ang loob para sa karagdagang impormasyon.

## PAGPOPOPROTEKTA SA PAMPUBLIKONG KALUSUGAN AT SA KAPALIGIRAN

Ang iyong Sewer Service Charge O Singil sa Serbisyong Alkantarilya ay napupunta sa pagprotekta sa kalusugan ng taga- Angelenos at sa kapaligiran sa pamamagitan ng paggawa ng mga pag-upgrade at pagkukumpuni sa tumatandang wastewater system ng LA at mga reclamation plant nito. Ito ay ang sistemang ligtas na nag-aalis ng wastewater mula sa iyong mga tahanan, negosyo, paaralan at pasilidad ng komunidad, at pagkatapos ay ipoproseso ito sa apat na reclamation plant ng LA. Maraming mga pipeline ang kailangang ayusin o palitan at ang mga proyektong pagpapabuti para sa mga alkantarilya at mga pasilidad sa pagsasaayos ay isinasagawa upang patuloy na matiyak na pinoprotektahan natin ang kalusugan ng publiko at na pinangangalagaan natin ang ating kapaligiran, kabilang ang ating mga daluyan ng tubig, dalampasigan at karagatan.

**ANG IYONG BAYAD SA SINGIL SA SERBISYO SA ALKANTARILYA O SEWER AY PARA SA:**

- 24/7 na operasyon – wastewater – alkantarilya at paggamot
- Regular na pagpapanatili at emergency na pag-aayos
- Pagkukumpuni at pagtatayo ng mga bagong alkantarilya at iba pang pagpapahusay sa imprastraktura
- Pagsubaybay sa kapaligiran, pangangalaga sa kalusugan ng publiko
- Pagpapatibay ng mga pasilidad, pagbuo ng mga reserbang sistema para sa higit na kaligtasan
- Abiso sa edukasyong pang-komunidad at pang-proyekto sa pagtatayo



*North Outfall Sewer Rehabilitation, 101 Freeway to Cardinal Street*



*North Outfall Sewer Rehabilitation*

## MGA SUSUNOD NA PROYEKTO

Sa susunod na limang taon, mamumuhunan ang Lungsod sa daan-daang proyekto sa buong kalungsuran, na may inaasahang gastusin na lampas sa $3 bilyon.

Ilulunsad ang mga proyekto upang magtayo, magpahusay, o palitan ang mga kritikal na pumping plant na pumipigil sa pag-apaw ng dumi sa alkantarilya.

Ang pag-modernize sa North Outfall Sewer - ang backbone ng 6,700 milya na sistema ng alkantarilya ng LA - ay makukumpleto pagkatapos ng dalawang dekada ng mga proyektong pangkonstruksyon, na titiyak sa serbisyo nito para sa mga susunod na henerasyon.

Ang mga water reclamation plant ay maghahanda para sa mga pangangailangan sa katatagan para sa kinabukasan ng Los Angeles.

## IMINUMUNGKAHING MGA SINGIL SA SERBISYONG ALKANTARILYA

Ang mga singil ay binuo upang magbigay ng sapat na kita upang mapatakbo at mapanatili ang isang ligtas at maaasahang sistema ng alkantarilya. Ang mga iminungkahing pagsingil ay pantay na naglalaan ng mga gastusin sa ating tirahan, komersyal, industriyal at iba pang mga kategorya ng parokyano – at proporsyonal sa iyong paggamit ng mga pasilidad ng wastewater system ng Lungsod.

### Iminungkahing Mga Antas ng singil sa Serbisyong Alkatarilya ng Lungsod ng LA

| | KASALUKUYAN | TAGLAGAS 2024 | MAR 2025 | HUL 2025 | ENE 2026 | HUL 2026 | HUL 2027 | HUL 2028 |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| Ang mga sumusunod na singil ay nauukol sa mga customer ng City of Los Angeles Sewer Service Charge | | | | | | | | |
| $/HCF* | $ 5.80 | $ 7.08 | $ 7.56 | $ 8.48 | $ 9.28 | $ 10.13 | $ 11.01 | $ 11.96 |
| Ang mga sumusunod nasingil ay nuukol sa mga customer ng City of Los Angeles Low Income Sewer Service Charge | | | | | | | | |
| $/HCF* | $ 4.00 | $ 4.89 | $ 5.22 | $ 5.85 | $ 6.41 | $ 6.99 | $ 7.60 | $ 8.25 |
| Ang mga sumusunod nasingil ay nuukol sa mga pang-industriyang parokyano na sinusubaybayan ng Industrial Waste Management Division | | | | | | | | |
| Mababang-Kalakasan SSC - $/HCF* | $ 4.02 | $ 4.15 | $ 4.38 | $ 5.01 | $ 5.41 | $ 6.00 | $ 6.50 | $ 7.12 |
| Biochemical Oxygen Demand $/lb. ng BOD | $ 0.60 | $ 0.73 | $ 0.80 | $ 0.86 | $ 0.96 | $ 1.02 | $ 1.10 | $ 1.17 |
| Kabuuang Suspended Solids $/lb. ng TSS | $ 0.61 | $ 0.64 | $ 0.70 | $ 0.74 | $ 0.83 | $ 0.86 | $ 0.92 | $ 0.97 |
| Ang mga sumusunod na singil ay nauukol sa mga customer na tumatanggap ng mga serbisyo sa pangongolekta ng wastewater mula sa Lungsod ng Los Angeles at mga serbisyo sa paggamot mula sa Los Angeles County Sanitation Districts | | | | | | | | |
| Singil sa Sewage Conveyance $/HCF* | $ 0.87 | $ 1.89 | $ 1.95 | $ 2.25 | $ 2.38 | $ 2.51 | $ 2.63 | $ 2.91 |
| Singil sa Sewage Conveyance Mababang Kita $/HCF* | $ 0.60 | $ 1.30 | $ 1.35 | $ 1.55 | $ 1.64 | $ 1.73 | $ 1.82 | $ 2.01 |

- $/HCF = Halaga (singil) kada isang-daang talampakan kwadrado ng tubig na ginagamit. 1 HCF ay katumbas ng 748 na galon.
- Low-Strength= wastewater na naglalaman ng mga sukat ng BOD o TSS na mas mababa kaysa sa itinalagang mga bilang ng BOD at TSS.
- Biochemical Oxygen Demand (BOD) = ang dami ng oksiheno na kailangan para bulukin ang organikong bagay sa wastewater.
- Total Suspended na mga Solid (TSS) = kabuuang dami ng suspendido o "lumulutang" na mga kapurit na bagay sa daloy ng wastewater.
- Singil sa Sewage Conveyance= ito ay isang pagsingil para sa paggamit ng LA sewers lamang at hindi kasama ang mga sistema ng wastewater treatment ng LA.
- Tandaan: Ang mga singil sa hinaharap ay wala nang mga surcharge.




**CALCULATOR NG BAYARIN:** Ang iyong mga bayarin sa alkantarilya sa hinaharap ay nakadepende sa mga pinagtibay na singilin pati na rin kung gaano karaming tubig ang iyong ginagamit. Maaari mong tantiyahin ang iyong mga bayarin sa alkantarilya sa hinaharap batay sa halaga ng Sewer Service Charge HCF (Hundred Cubic Feet) na ipinapakita sa iyong huling LADWP utility bill gamit ang aming bill calculator na matatagpuan sa **www.lacitysan.org/rates.**

## PANUKALANG 218 - ANG PROSESO NG PAGPROTESTA

*Ang Lungsod ng Los Angeles ay magsasagawa ng pampublikong pagdinig sa Agosto 27, 2024 sa ganap na 10:00 a.m. sa Los Angeles City Hall, John Ferraro Council Chamber, Room 340, 200 North Spring Street, Los Angeles, upang isaalang-alang ang pagpapatibay ng mga pagbabago sa Mga singilin ng Sewer Service Charge, at isaalang-alang ang lahat ng nakasulat na protesta. Ang publiko ay malugod na makadadalo at makapagsasalita sa pampublikong pagdinig, o maaaring tumawag sa isa sa mga numero ng telepono na ipinapakita sa ibaba upang makinig. Ang mga pasalita o pabigkas na komento sa pampublikong pagdinig ay hindi magiging kwalipikado bilang nakasulat na protesta.*

*Ang mga nakasulat na protesta ay maaaring isumite sa pamamagitan ng koreo sa Lungsod ng Los Angeles, Office of the City Clerk, Election Division, 555 Ramirez St., Space 300, Los Angeles, CA 90012. Ang mga nakasulat na pagprotesta na isinumite nang personal ay dapat ihatid sa Opisina ng Clerk ng Lungsod bago ang pagsasara ng pampublikong pagdinig. Ang mga nakasulat na pagprotesta na isinumite sa pamamagitan ng koreo ay dapat matanggap ng Opisina ng Clerk ng Lungsod nang hindi lalampas sa 5:00 p.m. sa petsa ng pagdinig. Lahat ng nakasulat na mga pagprotesta ay dapat kasama ang 1) ang nakalimbag na buong pangalan at orihinal na pirma ng may-ari o nangungupahan na nagsumite ng pagprotesta; at 2) ang tirahan kasama ang  kalye at Assessor Parcel Number (APN) ng parcel. Walang garantiya na tama ang APN na naka-limbag sa mailer na ito. Dapat mong siyasatin  at ibigay ang tamang APN kung sakaling hindi sinasadyang mali ang natukoy sa mailer na ito. May opsyon kang gamitin ang form na ito bilang iyong nakasulat na pagprotesta at ipadala ito sa Clerk ng Lungsod.*

*Isang nakasulat na pagprotesta lamang ang mabibilang sa bawat natukoy na parcel. Ang mga pagprotesta na isinumite sa pamamagitan ng email o iba pang elektronikong paraan ay hindi kwalipikado at hindi tatanggapin. Sa oras ng pampublikong pagdinig, o sa susunod na praktikal na pagpupulong ng Konseho ng Lunsod, ang Konseho ng Lungsod ay makakatanggap ng pangwakas na tabulasyon ng lahat ng nakasulat na pagprotesta na natanggap ng Clerk ng Lungsod. Maaaring aprubahan ng Konseho ng Lungsod ang mga pagtaas ng singil maliban kung ang karamihan ng mga parokyano ay naghain ng wastong nakasulat na pagprotesta. Alinsunod sa Seksyon 53759 ng Kodigo ng Pamahalaan ng California, mayroong 120-araw na batas ng mga limitasyon para sa paghamon sa anumang bago, nadagdagan, o pinalawig na bayad o singil.*

Ako si_______________________________________________ ay nagpoprotesta sa iminungkahing pagtaas ng singil ng Sewer Service Charge.
*(I-print ang Pangalan)*

Parcel Number ng Assessor ______________________________________________________________

Address ng Ari-arian: ___________________________________________________________________

Ako ang: ☐ ang may-ari ☐ nangungupahan

Lagda: ____________________________________________________________________________

*Ang mga pulong ng konseho ay maaari ding marinig sa (213) 621-CITY (Metro), (818) 904-9450 (Valley), (310) 471-CITY (West L. A.) at (310) 547-CITY (San Pedro).*

## TULONG PARA SA MGA SAMBAHAYAN NA NANGANGAILANGAN

### Kwalipikado ka ba para sa 31% na diskwento sa iyong Singil sa Serbiyo sa Alkantarilya?

Alam natin na marami pa ring kabahayan ang nangangailangan. Mayroong tulong pinansyal para sa mga taga-Los Angeles. Ikaw at ang iyong sambahayan ay maaaring maging karapat-dapat para sa tulong pinansyal upang maibsan ang mga epekto. Ang Lungsod ay kasalukuyang nag-aalok ng tulong pinansyal para sa Sewer Service Charge sa mga sambahayan na nangangailangan sa pamamagitan ng EZ-SAVE Program. Ang tulong na ito ay magpapatuloy para sa mga karapat-dapat na sambahayan.

Magagawa mo ring bayaran ang iyong bayarin buwan-buwan sa halip na dalawang ulit kada buwan at ang opsyong ito ay magagamit sa lahat ng nagbabayad ng pagsingil – walang kinakailangan kung magkano ang kinikita para maging  karapat-dapat.

Upang malaman kung kwalipikado ka para sa EZ-SAVE Program o para gawin ang pagbabago sa iyong schedule ng pagsingil, bisitahin ang:

**www.ladwp.com/financialassistance**

*Bilang isang saklaw na entidad sa ilalim ng Titulo II ng Batas Ukol sa mga Amerikanong may Kapansanan, ang Lungsod ng Los Angeles ay hindi nagdidiskrimina batay sa kapansanan at, kapag hiniling, ay magkakaloob ng makatuwirang akomodasyon upang siguruhin ang pantay-pantay na daan sa mga programa, serbisyo at aktibidad nito. Mangyaring mag-email sa sansscrates2024@lacity.org para humiling ng tulong na kailangan mo, isang linggo bago ang webinar na dadaluhan mo.*

## MGA IMPORMASYONAL NA WEBINAR TUNGKOL SA IMINUMUNGKAHING MGA SINGIL NG SERBISYO SA ALKANTARILYA

**Sabado, Hulyo 20, 2024 9:30 a.m.**
https://us02web.zoom.us/webinar/register/WN_zHt0SyX3QDO-xyjmpWuevA

**Martes, Agosto 6, 2024 6:00 p.m.**
https://us02web.zoom.us/webinar/register/WN_cGR2yQ48Rt2yh7xyy4HPPQ

Nag-aalok ang LASAN ng mga Zoom webinar tungkol sa mga iminungkahing singil. Mangyaring magparehistro nang maaga sa pamamagitan ng pagpunta sa link na ibinigay sa itaas o ang mga QR code sa ibaba. Magsisimula impunto ang mga pagpupulong. Ang mga presentasyon ay ire-record at magagamit para mapanood sa **www.lacitysan.org/rates.**

**HUL 20**

**AGO 6**

## PARA SA KARAGDAGANG IMPORMASYON:

Bisitahin ang aming website sa**www.lacitysan.org/rates**

Mag-email sa amin sa **sansscrates2024@lacity.org**

O tumawag sa **1-800-773-2489** sa pagitan ng 7:30 a.m. at 5:30 p.m.